

Prologue

Clifford Braganza...

Makailang ulit na niyang sinusulat ang pangalang iyon sa pahina ng kanyang notebook na halos nangitim na sa tinta ng ballpen dahil panay rin ang bura niya sa pangalan sa takot na may ibang makakita sa kanyang ginagawa.

Napabuntong-hininga siya saka gigil na gigil na binurang muli ang pangalan hanggang sa tuluyang mapunit ang pahina. Ilang araw na kasi siyang hindi pinapatahimik ng pangalang iyon. Ilang linggo na rin ang nakakaran nang banggitin ng kaibigan niya ang pangalang iyon, pangalan umano ng 'ultimate crush' nito. Normally ay wala naman siyang pakialam sa kung sinuman ang magustuhan ng kaibigan niya

dahil every school year naman itong nagpapalit ng crush. Pero ang pangalang Clifford Braganza ay may kung anong sumpa na halos paulit-ulit na umuukilkil sa nagugulumihanan niyang isipan.

“Tsk! Asar!” bulong niya sa sarili nang makitang bumakat sa sumunod na mga pahina ng kanyang notebook ang walang habas niyang pagbura sa pangalang iyon.

“Oh, my God! Miley, he’s here!” humahangos na turan ni Matet. Halos mapatalon pa siya sa gulat nang bigla na lang bumungad sa harapan niya ang kaibigan.

“Ano ka ba, bakit bigla ka na lang nanggugulat?”

“Friend, si Cliff... palapit dito,” kinikilig na sabi nito habang niyuyugyog ang balikat niya. Nakatambay sila noon sa tapat ng canteen dahil oras ng recess. Kaya pala panay ang tayo ni Matet sa kinauupuan ay dahil may inaabangan.

“O, eh, ano naman ngayon?” kunwa ay pairap niyang tanong kahit ang totoo ay halos mabingi na siya sa lakas ng pagtambol sa dibdib niya. Hindi pa niya nakikita ang mukha sa likod ng pangalang iyon kahit nasa kalagitnaan na ng taon ang klase dahil ayon kay Matet ay transferee umano ito. At ngayon ay mabibigyan na ng mukha ang nangungulit na

pangalang iyon ay di niya napigilan ang matinding excitement.

“Naku, Miley! Pag nakita mo siya, siguradong maiihi ka rin sa sobrang kilig!” eksaheradang turan pa ng kausap.

“Bakit, naiihi ka na ba? Hoy, Matet! Nakakadiri ka, ah. Ang lapit na ng banyo, doon ka magkalat.”

“Heh! Hindi, ’no! Saka kahit maihi ako sa salawal ay hindig-hindi ako aalis dito. Pagkakataon ko na ’to!” anito saka inipon ang mga librong nagkalat sa mesa pati na rin ang notebook niya.

“Hoy, akin ’yan!” habol niya rito, pero nakalapit na ito sa grupo ng kalalakihang naglalakad papasok sa canteen at pasadyang binangga nito ang lalaking pinakamatangkad sa grupo. Nakatalikod ito mula sa gawi niya kaya di niya makita ang mukha nito.

Napangiwi siya sa lumang estilo ng pagpapapansin ni Matet. Ngunit ang ngiwi niya ay nahalinhan ng pagnganga nang mabaling paharap sa kanya ang matangkad na lalaki nang pulutin nito ang nalaglag na notebook.

Why, the guy was cute! No, the right term should be handsome. Parang inukit ng magaling na iskultor ang matangos nitong ilong. At kahit medyo malabo ang kanyang mga mata ay maganda pa rin

ang rehistro sa paningin niya ang mga mata nitong binagayan ng makakapal na kilay. Ang mga labi nito ay di-hamak na mas maganda pa sa mga labi niya dahil natural na mamula-mula ang mga iyon at maninipis din. Lalaking-lalaki pa rin itong tingnan kahit maputi ang balat nito. Mas maputi pa yata ito sa kanya.

Natigil lang ang mataman niyang pagsuri rito nang mapansin ang notebook na pinulot nito ay ang notebook niyang tinadtad niya ng pangalan nito! Dahil sa takot na mabasa nito ang mga sinulat ay patakbong lumapit siya sa mga ito saka pahablot na inagaw mula rito ang notebook.

“Sa akin ’yan!” aniyang hindi mapigilan ang malakas na pagtahip ng dibdib.

Sabay-sabay na napatingin sa kanya ang mga kasama nito nang nakakunot-noo.

“A-akin ’to. Salamat sa pagpulot mo.” Alanganing ngiti ang ibinigay niya rito. Tumango lang ito saka tumuloy na sa loob ng canteen kasunod ang mga kaibigan nito.

“Hoy, mang-aagaw ka ng moment!”

“Ha?” Noon lang niya napansin si Matet.

“Hay, naku! Dapat iaabot na niya sa akin ’yang notebook bago ka umeksena, Miley. Mahahawakan

ko na sana ang mga kamay niya kung di ka lang nagpakapraning na parang aagawan ng notebook,” paingos na litanya ni Matet.

Hindi na niya pinansin ang pagmamarakulyo ng kanyang kaibigan dahil mas pinoproblema niya ngayon ang pinukaw na damdamin ni Clifford.

CHAPTER *One*

*M*iley, mamaya na 'yan, manood muna tayo ng laro nina Cliff. Tara na!" tawag ni Matet. "Hindi p'wede. Pagagalitan tayo ni Ma'am Gina kapag di natin natapos 'to," aniya. Abala kasi sila sa bulletin board ng English department. Dahil officer, sila ang itinalaga para roon.

"Oo, tatapusin din natin 'yan mamaya, pero hindi ko p'wedeng palampasin ang laro ni Clifford my loves."

"Sige na, mauna ka na. Ikaw lang naman ang gustong manood, eh." Pero ang totoo, gusto rin niya itong mapanood. Nasa fourth year na sila at laking tuwa ni Matet na naging classmate nila si Cliff. Mabait ito at hindi snob kahit pa sikat na ito sa buong

campus dahil bukod sa varsity player ng basketball team ay binansagan din itong campus head-turner.

“Ang KJ mo talaga! Bahala ka d’yan, manonood muna ako. ’Bye!” ani Matet saka nagmadaling tumungo sa gym.

Natatawang napailing na lang si Miley. Diehard fan talaga ni Cliff ang kaibigan niya. Nanghihinayang din siya dahil hindi niya mapapanood ang lalaki sa laro nito. Sinabi pa naman niya sa sarili na mag-chi-cheer siya para rito. Siyempre sasabayan lang niya si Matet para hindi siya mahalata. Yes, crush niya rin si Cliff. Hindi niya masabi iyon kay Matet dahil baka magalit ito kaya lihim lang ang nararamdaman niya.

Maingat na umakyat siya sa silya para idikit sa pinakaitaas na parte ng bulletin board ang ginupit niyang mga letra nang...

“Miley!”

Sa gulat, nabitiwan niya ang hawak. Tinangka niya iyong saluhin ngunit nawalan siya ng balanse. Muntik na siyang malaglag kung hindi lang may humawak sa baywang niya.

Ang bilis ng tahip ng kanyang dibdib dahil sa sobrang takot. Akala niya ay malalaglag na siya. Nang makahuma ay saka lang niya napagtuunan ng pansin ang mga kamay na nakaagapay sa baywang

niya. Mas lalo pa yatang dumoble ang tibok ng puso niya nang mapagsino ito.

“You okay?” puno ng pag-aalalang tanong ni Cliff. Hawak pa rin siya nito sa baywang habang maingat na ibinababa siya mula sa silya.

Tango lang ang naging tugon niya rito dahil tila nanuyo ang kanyang lalamunan. Hindi siya makahanap ng tamang salita. Ano ba ang dapat niyang sabihin?

“Are you sure? Ikakabit mo ba ’to?” tanong ng kaklase. Hawak na nito ang letrang nahulog niya kanina.

Muli, tango ang itinugon niya rito. Umakyat ito sa silya dala ang letra. “Dito ba ’to?” tanong pa ni Cliff.

“H-ha? Ah... oo,” kandautal na turan niya. Ito na mismo ang nagdikit ng letra. Nakatulala lang siya rito nang may biglang maalala.

“Teka, ano’ng ginagawa mo rito? Di ba may game ka pa?”

“Yeah. Actually, nagsisimula na.” Hiningi nito ang sunod na letra.

“Pero bakit ka nandito?” tanong niya saka umiling. Ayaw niyang ibigay rito ang sunod na letra dahil mukhang balak nitong tapusin ang ginagawa

niya. Matagal lang itong nakatitig sa kanya saka napakamot sa ulo.

“Wala ka pa kasi,” anito saka nag-iwas ng tingin. Para itong batang nahihiya. He’s so cute.

“Ha?” takang tanong niya.

Bumaling uli ito sa kanya. Ayun na naman ang nakakatunaw nitong ngiti. “Buong klase natin nasa gym na, ikaw lang ang wala. S’abi ni Matet busy ka rito so I came to help.”

“Pero pa’no ’yung game?”

“Hahabol ako kapag natapos na natin ito,” anito saka kinindatan siya.

Literal na nalaglag ang panga ni Miley. Cliff winked at her and damn, kinilig siya!

“W-why?”

“Because I want you there. Paano ako makakapagpakitang-gilas kung wala d’un ang babaeng gusto kong ma-impress?”

Hindi na niya napigilan ang mapangiti. Hinatak niya ang kamay nito at pinababa sa silya. “Mamaya na natin tapusin ’yan. Mas mahalaga ang game mo.” Hinila na niya ito patungo sa gym.

Mabilis na lumipas ang mga araw at nalalapit na rin matapos ang unang semester ng taon. Masaya si Miley dahil bukod sa maganda ang takbo ng pag-

aaral niya ay mukhang maganda rin ang takbo ng love life niya. Err... kung love life ngang maituturing ang pagiging malapit nila ni Cliff.

“Oh, may nagpapabigay sa ’yo,” ani Matet, sabay lapag ng isang long-stemed rose sa mesa niya.

Nagulat siya dahil hindi niya inaasahan na may magbibigay sa kanya ng bulaklak.

“Kanino galing?” tanong niya sa kaibigan.

“Hmph! Itanong mo kay Star Player,” sagot ni nito saka sumalampak na sa sariling upuan.

Mayamaya ay may lumapit ulit sa kanya na classmate niya at nag-abot ng rose. Nagtatakang tinanggap niya lang iyon. Ang akala niya ay hanggang tatlo lang ang rosas na ibibigay ng mga kaklase niya, pero nakalabing isa na siyang rosas at nakatawag na rin siya ng atensyon mula sa ibang sections na ngayon ay nakikiusyoso sa labas.

Gulong-gulo na si Miley at sa totoo lang ay hindi niya alam kung kanino nanggaling ang mga bulaklak. Hindi naman Valentine’s Day at lalong hindi rin niya kaarawan para makatanggap ng bulaklak.

Hiyang-hiya na rin siya dahil panay na ang kantiyaw ng mga kaklase. Mayamaya ay pumailanlang ang tunog ng gitara. And as if on cue ay nawala ang

ingay na nagmumula sa mga nakikiusyoso.

Napatayo si Miley nang makita si Cliff kasunod ang kaibigan nitong si Marco na tumutugtog ng gitara. May hawak ito na long-stemmed rose na may nakayakap na bear sa stem niyon. Dahan-dahan itong lumapit sa kanya habang kumakanta.

Inabot nito sa kanya ang hawak nitong bulaklak. Atubili pa siyang tanggapin iyon. Hindi siya sigurado kung siya ba talaga ang pakay nito. Pakiramdam niya ay isang biro lang ang ginagawa nito sa kanya. Bakit siya? Ano ba ang mayroon sa kanya?

“*Baby, I can’t fight this feeling anymore...*” kanta nito saka tumigil. “Miss Miley Cruz, will you be my girl?” tanong nito sa kanya. Nakaumang pa rin sa harap niya ang hawak nitong bulaklak.

“H-ha? Ako? Seryoso ka ba?” Hindi na niya alam kung ano ang mararamdaman niya. Hindi pa rin siya makapaniwala.

“Don’t I look serious? Sagutin mo naman ako,” nagpapaawa pang sabi nito. “Kapag tinanggap mo ito, ibig sabihin sinasagot mo na ako,” anitong ang tinutukoy ay ang hawak nitong rose.

“Agad-agad? Hindi mo pa nga ako nililigawan.” Hindi na niya napigilan ang mapangiti.

“Ha? Anong hindi? I started courting you

way back in interschool game,” sagot nitong ang tinutukoy ay noong tinulungan siya nito sa pag-decorate ng bulletin board ng English department at kung kailan ito naging star player ng basketball team.

Nagtaka si Miley. “Ha?” Oo, naging malapit nga sila pagkatapos ng game. Lagi rin siya nitong binibigyan ng atensyon at hinahatid pauwi. Pero hindi naman ito nagsabi na nanliligaw ito. Bakit siya mag-a-assume kung alam niya sa sarili na napakalayo niya rito? Hindi sila bagay dahil campus crush ito at siya ay isang simpleng estudyante lang.

Natampal nito ang noo. “Well, I guess Matet is right. You really are dense, Miley ko. But it’s okay. I’m willing to court you over and over again hanggang sa makulitan ka na sa akin at sumuko ka na lang.”

Alam ni Miley sa puso niya na wala na, suko na siya rito, at hindi na siya nito kailangang ligawan pa dahil mahal niya rin ito. Buong puso niyang kinuha mula rito ang hawak nitong bulaklak.

Natatawa pa siya sa naging reaksyon nito. It was comical. Nakatulala lang ito sa harapan niya na para bang bigla siyang nag-transform into *Fiona* sa *Shrek*.

“Does that mean... sinasagot mo na ako?” hindi makapaniwalang tanong nito.

Inamoy niya ang rose saka dahan-dahang

tumango. Nagulat na lang siya nang bigla siya nitong yakapin.

“Yes! Yes! Kami na! Mula ngayon wala nang ibang lalaking p’wedeng humawak sa Miley ko, kung di’y lagot kayo sa akin.”

Natatawang binatukan niya ang nobyo. “Ang possessive mo.”

“Coz you’re mine. You’re mine now...”



Nilalaro ni Cliff ang mga daliri niya habang hawak nito ang kanang kamay niya. Huling araw ng klase para sa taong iyon kaya nagpasya silang mag-movie marathon sa apartment nito. Yes, they were in third year college now. Si Cliff ay kumuha ng kursong Business Management at siya naman ay Broadcast Communication.

“Mami-miss mo ba ako?” tanong nito. Nakaupo lang sila sa sofa at nakasandal ang likod niya rito. Ramdam niya ang maya’t mayang pag-amoy nito sa kanyang buhok. Noong una ay nanonood pa sila ng movie, pero wala rin naman silang maintindihan because they were both busy snuggling with each other. Miley felt contented just by sitting beside him. It calmed her senses, pero nang mga sandaling iyon ay parang ayaw niyang bumitiw rito.

“Oo naman. Nasanay na akong palagi kitang kasama, eh. Ako, mami-miss mo ba?” Tiningala niya ito.

“Kung alam mo lang...” buntong-hininga nito. “Kung huwag na lang kaya akong umuwi?” anito saka siya tiningnan.

“Ano ka ba? Hindi ba gusto kang makita ng lolo mo? Okay lang naman ako dito. Ilang linggo lang tayong di magkikita.”

Tubong-Davao ang pamilya ni Cliff at nag-transfer lang ito sa kanilang eskuwelahan noong second year dahil may itinayong negosyo ang papa nito sa bayan nila. Siyempre kailangan din nitong makasama ang pamilya nito sa Davao lalo pa’t bakasyon naman. Ayaw niyang ipagkait iyon sa kasintahan kahit ngayon pa lang ay nami-miss na niya ito.

“Kahit isang linggo pa iyan... still, that’s too long. Mami-miss kita, Miley ko,” anito saka siya hinalikan sa labi. “After two weeks, babalik agad ako. Promise me, hihintayin mo ako. Sabay tayong mag-e-enroll.”

“Promise,” nakangiting turan niya habang nalulunod sa ningning ng mga mata ng binata.

“Say close, open.”

“Ha? Bakit?”

“Basta. Say close, open.” Inilahad nito sa harap niya ang kamay na nakakuyom.

“Close, open. Close, open. Close, open,” paulit-ulit niyang banggit habang ito ay parang bata na binubukas-sara ang palad. “Close, open...Whoa! How did you do that?” gulat na tanong niya dahil sa pagbukas muli ng palad nito ay may nakalagay nang silver necklace na ang pendant ay susi.

“Magic,” nakangising tugon nito, halatang aliw na aliw sa naging reaksyon niya.

“Marunong kang mag-magic?” mangha pa ring tanong niya.

“It’s just a simple trick my cousin taught me. Here, let me.” Isinuot ni Cliff sa kanyang leeg ang kuwintas. “This is the only thing that could open my heart and I’m giving you all the rights to keep this, because you are the only one who had the power to open and penetrate my heart.”

They were so close; she could smell his fresh breath. She knew that if she’d move a little, their lips would touch. Hindi na siya nag-isip at kusang tinawid ang distansya ng mga labi nila ng binata. Napapikit siya at dinama ang halik nito.

His kisses were soft at first, pero unti-unti, naramdaman niyang lumalalim ang halik nito.

Normally ay si Miley ang kusang kumakalas kapag nararamdaman niyang pareho na silang nawawala sa sarili habang magkalapat ang mga labi nila. Ngunit nang mga sandaling iyon ay di niya kayang bumitaw. And so she savored the moment.

Cliff's kisses were divine. Binubuhay nito ang kung anumang damdaming pumupukaw sa kanya nang mga sandaling iyon. He was her first kiss and she'd make sure that he would also be her last.

She gasped for air when their mouths parted. Hinintay niyang muling maglapat ang kanilang mga bibig, ngunit ilang sandali na ay nanatili lamang na nakadikit ang noo nito sa noo niya. He was still close but not making any move.

She opened her eyes after a while. His eyes were still closed; their noses were touching, his breath had become ragged.

"Miley ko, you are going to be the death of me," he said with eyes still closed. Ramdam niya ang tensyon ng katawan nito and she could almost feel him down there, but she didn't flinch.

"Open your eyes..." she whispered.

"No... I have to calm myself first. Shit!"

Napamura ito nang ikawit niya sa batok nito ang mga braso niya at hapitin ito palapit upang maglapat

muli ang kanilang mga labi. Soon after, they were consumed in a fire she started. Yes, she's ready. They've been together for almost five years at wala na siyang ibang alam na pag-aalayan niya ng sarili. Cliff would always be her first; her first boyfriend, her first kiss, her first everything.

“Are you sure?” he asked in between their kisses.

Tumango lang siya. Wala siyang lakas para itigil ang halikan nila.

“Are you really sure?”

Napakunot-noo siya. “Ikaw yata ang ayaw, eh!” Nakabusangot na siya sa inis dito. He was frustrating her. Parang mas atat pa nga siya rito. Damn, what's happening to her?

“Sino'ng may sabi? Gusto ko nga, gustong-gusto!” anito saka siya siniil ng halik. Noong una ay natatawa pa siya sa naging reaksyon nito. Pero habang lumalalim ang halik ay nakakaramdam siya ng kakaibang pananabik. She wanted to touch him. Ibinaba niya ang isang braso mula sa batok ng kasintahan upang paglakbayin ang kamay pababa sa dibdib nito. Bahagya itong napaungol sa ginawa niya and she took that as a good sign.

Mas naging mapusok ang mga halik ni Cliff at ang mga kamay nito ay naging mapaghanap. He

touched her with so much eagerness. Pakiramdam niya ay napapaso siya sa bawat haplos nito sa kanyang batok, sa kanyang baywang at dibdib. Ni hindi niya namalayang nahubad na nito ang blouse niya. Inabot nito mula sa likod niya ang hook ng kanyang bra, and moments later, Cliff was feasting on her mounds; palipat-lipat, leaving her wanting for more.

Abot-abot ang tahip ng dibdib ng dalaga. Nakahiga na siya sa sofa; her head on the armrest with him on top of her. He stared at her with so much ardor. Bumaba ang mga halik nito sa tiyan niya habang hindi pa rin hinihiwalay ang tingin sa kanya. Staring at his eyes while he did those wonders to her body made her even hungrier. Hindi niya alam kung para saan siya nagugutom, but the moment Cliff's mouth touched her innocence, she knew she would be satiated.

Hindi na niya napigilan ang kumawalang impit na sigaw nang maglaro ang dila nito sa kanyang kaibuturan. This was all new to her. Pakiramdam niya ay napapaso siya sa init na nararamdaman.

Tumigil sa ginagawa ang kaniig, akala nga niya ay tapos na ito. Pero nagkamali siya nang maramdaman ang pagpasok ng daliri nito sa

kaselanan niya. She felt pain pero saglit lang dahil kasabay ng paglabas-masok ng daliri nito ay ang paghagod nito sa parteng iyon. She felt something building up, pero bigla itong tumigil.

Kulang ang salitang nabitin. Pero hindi pala dapat siya ma-disappoint dahil iniangat nito ang pang-upo niya upang tuluyang maalis ang kanyang skirt kasama na ang underwear niya.

That was so damn hot! She never imagined anyone pulling off her underwear for her. Ganoon pala iyon, it was embarrassing but at the same time arousing.

He hastily pulled down his pants at nanlaki ang mga mata niya. It was the first time ever she saw a man fully naked. Ilang first pa kaya ang mararanasan niya kay Cliff? Then he positioned himself on top of her again. He parted her legs para makapuwesto ito nang maayos.

“Baby, are you ready?” he asked, parang hirap na rin ito.

“Yes... yes... oh!” Napahiyaw na siya nang tuluyan siya nitong angkinin. It was painful at first, but he’s too caring and considerate. He moved slowly while feasting on her right mound. Unti-unti ay nawawala ang sakit, at unti-unti ay bumibilis ang

kanyang ritmo.

“Oh, Cliff!”

Napuno ang paligid ng kanilang mga halinghing sa walang tigil na pag-iisa nila ng kasintahan. They stared at each other while he filled her to the brim. Soon after, she felt an unbelievable spasm that sent her to bliss.

She heard him growl and she thought that was too sexy. Then she felt another blow. They both came in unision.

“I love you...” bulong nito nang humupa na ang pagyanig na bumalot sa pagitan nila.

CHAPTER *Two*

Five years later...

“Ayan, Ganda, mas lalo ka pang gumanda,” nakangiting anang bading na beautician na naggupit ng buhok niya. Kahit siya ay napangiti rin sa sariling repleksyon sa salamin. Maiksi na ngayon ang dating hanggang likod niyang buhok. Nagpalagay rin siya ng bangs na bumagay sa maliit niyang mukha.

Nakakapanibago nga ang nakikita ngayon ni Miley sa salamin dahil bukod sa bagong buhok ay di niya rin suot ang eyeglasses. Nang umagang iyon din kasi ay bumili siya ng contact lenses.

“Patingin nga,” bungad ni Matet. Ito naman ngayon ang sumipat sa repleksyon niya sa salamin.

“O, di ba s’abi ko sa ’yo bagay sa ’yo ang maiksing buhok,” nakangiting sabi nito habang sinusuklay-suklay ng mga daliri ang bagong gupit na buhok niya.

“Oo nga. I like it,” pagsang-ayon niya.

“Siguradong magiging like rin ’yan ni Papa Cliff,” anito, sabay kindat. Naka-rollers pa rin ang buhok nito dahil gusto umano nitong subukang maging kulot.

“You think so?” Lihim niyang kinastigo ang sarili at pinaalalang ang pagpapaganda ay para sa sarili.

“Aba, oo naman! Look, siguradong magsisisi ang kumag na ’yon pag nagkita ulit kayo.”

Natahimik siya sa tinuran ng kaibigan.

“Hoy, ano ka ba? I’m trying to cheer you up, okay? So don’t give me that sad face.”

Miley just couldn’t help it. Sa tuwing maaalala niya ang binata ay nakakaramdam siya ng kalungkutan. Maraming katanungan ang gumugulo sa kanyang isipan.

Bakit hindi na uli siya nito binalikan? Bakit pinaghintay siya nito sa wala? Minahal ba talaga siya ni Cliff?

Mga katanungang matagal nang nabinbin. And now that there’s this chance that they would meet

again, hindi na niya palalampasin ang pagkakataon. She wanted to know the answer to her questions because she felt that it's the only way for her to finally move on.

Pakiramdam niya kasi ay na-trap siya sa panahong iyon, sa panahong nakikita pa niya ang sariling nasa tabi niya si Cliff. For five long years, sinubukan niyang kalimutan ang binata, but she couldn't. Maybe because she didn't really want to forget him.

Natatakot na nga siya sa nararamdaman niya dahil hindi na niya mabuksan para sa ibang lalaki ang puso niya. Natatakot siyang habambuhay na niyang mamahalin ang dating kasintahan at ang mga alaalang pinagsaluhan nila.



Nakangiting lumabas siya ng opisina ng executive producer at head writer ng gag show na pinagtatrabahuhan niya. Paano ay pumayag itong mag-leave siya ng isang linggo nang banggitin niya rito na para iyon sa love life niya. Kailangan niyang makita muli si Cliff para maisara na niya ang bahaging iyon ng buhay niya.

Hindi pa rin mapagkit ang ngiti sa kanyang mukha habang binabaybay ang pasilyo. Ngunit

napalis iyon nang mamataan si Tolome na papalapit sa kanya. Si Tolome ay masugid niyang manliligaw. Hindi nga niya alam kung bakit kahit ilang beses na niya itong binasted ay patuloy pa rin ito sa panliligaw. Pipihit na lamang siya patalikod nang tawagin siya nito.

“Miley, sandali!”

Walang nagawang hinarap na lamang niya ito. “Bakit, Tolome?”

“Bart,” pagtatama nito sa pangalan.

She rolled her eyes. “Bart o Tolome, pareho rin ’yun, Bartolome.”

Napakamot ito ng ulo. Sa totoo lang ay guwapo naman ang kausap, pero wala talaga itong dating sa kanya. Isa pa, nakukulitan na siya rito. Papaano ay maya’t maya na lang itong sumusulpot sa harap niya. Cameraman si Bartolome ng gag show.

“Magli-leave ka raw?”

“Ang bilis naman ng tsismis. At kanino mo naman nalaman ’yan?”

“Kay Matet.” Si Matet ay set designer ng gag show kaya mas madalas magkita ang mga ito.

Tsk! Ang daldal talaga ng babaeng ’yun.

“Oo,” tipid niyang sagot.

“Totoo ba?”

“Ang alin?”

“Totoo bang... pagbalik mo ay magkaka-boyfriend ka na?”

“Sinabi rin sa ’yo ’yan ni Matet?!” Natampal na lang niya ang noo.

“Totoo ba?” ulit nito.

Bumuntong-hininga si Miley. Sa lahat ng ayaw niya ay nakakakita ng malungkot na mukha. Kaya nga ginusto niyang maging writer ng gag show. Hindi naman ganoon ang plano niya. Ang gusto niya ay closure, hindi ang makahanap ng boyfriend.

Gusto rin niyang ipakita kay Cliff na kahit iniwan siya nito ay kinaya niyang mag-isa. She wanted to show him that she had changed. Na hindi na rito umiikot ang mundo niya, na hindi siya nagmukmok ng mahabang panahon sa paghihintay rito sa wala. Pero sino ba ang niloloko niya?

Dahil gusto niyang matauhan na rin si Tolome, tumango na lang siya bilang pagtugon.

“Wala na ba talaga akong pag-asa sa ’yo?”

Buntong-hininga ang una niyang naging tugon. “Matagal ko naman na ’yang nalinaw sa ’yo, di ba? I’m sorry, Bart,” aniyang sa unang pagkakataon ay natawag din ang lalaki sa gusto nitong pangalan. Iyon lang at tinalikuran na niya ito. Mas lalo niya

lang itong masasaktan kung bibigyan pa niya ito ng kahit katiting na pag-asa.

Minsan na niyang binuksan ang puso niya kaya labis siyang nasaktan. Ayaw niyang bigyan ng pagkakataon si Tolome para lang makalimot dahil kahit ano pa ang gawin niya, alam niyang hindi na niya maibibigay ang puso niya lalo pa't hindi na niya iyon hawak ngayon.



“How do I look? Maganda pa ba ako?” tanong ni Miley sa kaibigan habang walang tigil sa pagsuklay ng buhok.

“Hindi ka kaya makalbo ryan sa ginagawa mo? Maganda ka pa at maganda ka na kaya tigilan mo na ’yan.”

Nasa resort na sila ni Matet nang mga sandaling iyon, doon dadausin ang batch reunion nila. Bagong resort iyon sa Batangas kaya madali nilang nakuha ang exclusivity for one week. Maganda ang ambience; malawak, malinis, at napakasarap ng malakas na simoy ng hangin. Kaya maya't maya rin ang suklay niya. Malapit din kasi sa tabing-dagat ang resort.

“Halika na nga. Nasa cottage na raw sina Presy,” yakag ni Matet.

Isang may kalakihang combined second-floor cabana ang okupado ng buong section nila. Yari sa purong kawayan kaya pihadong mapresko sa loob niyon. Sa di-kalayuan, sa kaliwang bahagi nito ay may duyan na nakatali sa dalawang puno ng niyog. Ilang lakaran din lang ang pagitan ng cottage nila sa swimming pools na nadaanan nila kanina.

Ilang classmates din nila ang masayang nagkukuwentuhan sa terasa at agad naman silang sinalubong ng mga ito.

“Miley! Matet! Long time no see,” salubong agad ng kaibigan nilang si Presy saka sila niyakap.

“Hi, Presy! Wow, ang laki na ng ipinagbago mo! Long hair ka na ngayon. Babae ka na ba talaga?” tanong ni Matet sa dati ay totomboy-tomboy na kaibigan.

“Yan ang nagagawa ng in love,” segunda ni Miley, sabay kindat sa boyfriend nitong si Bry na nakamasid lang sa kanila. Laking gulat nila nang malamang naging sina Presy at Bry. Kilalang mahilig sa chicks ang huli habang si Presy ay mahilig magpaka-boy. Iyon nga lang ay ilag ito sa mga lalaki noon.

“Kayo talaga, sinimulan n’yo na naman ang pang-aasar sa akin. Ikaw nga riyan, Miley, blooming

din. N'ung huli kitang makita, apat pa ang mata mo," anito na ang tinutukoy ay ang eyeglasses niya.

"Yan ang nagagawa ng in love," panggagaya ni Matet sa sinabi niya.

"Hey! Who's in love?" tanong ng kakalapit lang na si Marco.

"Marco! Kumusta?" Agad niyang sinugod ng malakas na tapik sa balikat ang pinaka-close guy friend niya noong high school.

"Naman! Mabigat pa rin ang kamay mo," napapangiwing turan nito habang hinihimas ang tinapik niyang balikat nito.

"Naku, sorry..."

"Hoy, wala ba kayong balak kumustahin kami? Umakyat na kayo rito!" ani Xander, ang promotor ng kanilang reunion. Ito ang SSG President nila noong high school; very authoritative pa rin hanggang ngayon na sa simpleng pagkakatindig ay kitang-kita.

Dinaluhan nila ang ilan pa nilang kaklase at sa ilang sandali lang ay pinuno na ng kuwentuhan, tawanan, at hiyawan ang buong paligid. Halos nakausap na ni Miley ang lahat ng classmates niya noong fourth year maliban sa isang tao, si Clifford Braganza na ni anino ay hindi niya makita.

"May hinahanap ka ba?" tanong ni Matet.

Napansin marahil nito ang pagiging alumpihit niya.

Umiling lang siya rito kahit ang totoo ay kanina pa hinahanap ng kanyang mga mata ang taong iyon.



“Bakit kailangan pa nating magpaganda, eh, dinner lang naman ’yon?” tanong niya kay Matet na abala sa paglalagay ng eyeshadow.

Nasa isang kuwarta sila sa second floor. Iyon ang headquarters nilang kababaihan at sa ibaba naman ang mga lalaki. Itinigil muna nito ang ginagawa saka humarap sa kanya.

“Kasi po dinner ’yun with our batchmates. Hindi lang ng buong Diamond class kundi ng buong 2005 alumni. Siguradong maraming guwapo roon.”

“Hmph! Hindi naman sila ang rason kung bakit nagpapaganda ako,” wika niya saka isinuot ang eyeglasses. Nawalan na siya ng ganang magpaganda dahil wala naman si Cliff, ang tanging dahilan ng pagpapagupit at pagsusuot niya ng contact lenses. Ewan ba niya pero inaamin niya sa sarili na gusto pa rin niyang magmukhang maganda sa harap nito. Gusto niyang ipakita rito na naging maayos ang buhay niya kahit wala ito sa tabi niya.

Tinanggal na lang niya ang contact lenses dahil di sanay ang mga mata niya roon. Sa gabi at kapag

nasa trabaho lang siya nagsasalamin. Sa gabi kasi ay hirap na talaga siyang makakilala ng mukha at siyempre sa trabaho ay kailangang matalas ang paningin niya.

“Alam mo, ang lakas ng saltik mo. Hindi lang naman siya ang lalaki sa mundo. Magpaganda ka na lang para sa sarili mo,” anito saka humarap muli sa salamin.

“Girls, ready na ba kayo?” bungad ni Dana sa pintuan.

Ginanap ang dinner sa isang malawak na function hall. Buffet iyon kaya ibinuhos na lang niya sa pagkain ang ngitngit dahil sa hindi pagdalo ni Cliff. Wala na rin siyang pakialam sa figure niyang binantayan niya rin nang ilang linggo. Kaya hayun at ang laki na naman ng tiyan niya. Mabuti na lang at maluwang ang bagsak sa may tiyan ng puti niyang summer dress kaya di halata ang mala-butete niyang tiyan.

“Hoy, babae! Pangatlo mo na ’yan, ha,” pansin ni Matet.

“Oo nga, ano? Ilang araw ka bang ginutom kaya nagpapakasiba ka ngayon?” mapang-asar na tanong ni Marco. Magkakasama sila sa isang mesa pati na rin sina Dana, Presy at Bry. Ngumuso lang siya sa

mga ito saka muling sumubo.

“Oy, baka bigla kang lumobo d’yan,” segunda pa rin ni Marco.

Isinubo muna niya ang natitirang karne sa plato niya saka ito hinarap.

“Buffet ’to, ’di ba? P’wede akong kumuha kahit ilang beses ko gusto. Lumobo na kung lumobo, at least, nasulit ang bayad ko,” asar na turan niya kay Marco saka binalingan ang mga kaibigang babae. “At kayo naman, hindi makakasira ng diet ang paglamon sa isang gabi. Mag-exercise na lang tayo bukas para matagtag ang kinatatakutan n’yong taba.”

“Palibhasa kasi hindi ka tabain,” nakabusangot na ani Dana.

Uminom muna siya ng juice bago ito binalingan. “Correction, my dear, tabain ako. Ang tiyan ko,” aniya saka hinimas ang lumaking tiyan dahil sa pagkain.

“Butete!” pang-aasar ni Matet. Nagtawanan ang lahat.

“Heh!” Tumayo na siya mula sa kinauupuan nang maubos ang laman ng plato.

“Hey, saan ka pupunta?” tanong sa kanya ni Marco.

“Kukuha ng panghimagas,” paingos na sagot

niya. Agad namang nagtawanan ang mga kasama niya. Dinilaan niya ang mga ito na lalo lang nilang ikinatawa.

Lumayo siya agad bago pa siya lalong pag-tripan ng mga kaibigan. Pero na-miss din niya ang mga ganoong kulitan. Somehow, she felt nostalgia.

Wala naman talaga siyang balak kumuha pa ng panghimagas. Sinakyan lang niya ang biruan ng barkada. Sobrang busog na rin kasi siya. Pakiramdam nga niya ay masusuka na siya sa halo-halong kinain.

“Kainis kasing Cliff ’yon, eh,” maktol niya sa sarili.

Nakaramdam siya ng pagrarambulan sa sikmura. Pakiramdam niya ay umakyat na sa dibdib niya ang lahat ng kinain kaya patakbo siyang nagtungo sa rest room. Sa sobrang pagmamadali ay di niya napansin ang isang bultong makakasalubong niya sa pagliko sa pasilyong patungo sa rest room at nabangga ito. Lahat ng pinigil niyang lumabas sa bibig ay bigla niyang napakawalan nang di-sinasadya.



Tutop ang bibig na napatulala si Miley sa kaharap dahil ito ang sumalo ng lahat ng kanina ay kinain niya. Bakas ang pagkayamot at pandidiri

sa guwapo nitong mukha dahil nailuwa niya mismo sa damit nito ang mga kinain. Ngunit ang mas nakapagpatulala sa kanya ay ang kaalamang ang kaharap ay ang mismong lalaking kanina pa hinahanap ng kanyang paningin. Si Cliff!

Matagal bago siya nakahuma. Pakiramdam niya ay nangatog ang kanyang mga tuhod habang nakatulala sa harap nito.

“Shit! Miss, lasing ka ba? Ang lapit na ng banyo, sa akin mo pa napiling magkalat!” kunot-noong wika nito.

“S-sorry...” *Miss? Hindi ba niya ako nakilala?*

Tila walang magawang tinalikuran siya nito at dumiretso sa loob ng men’s room. Wala pa rin sa sariling sinundan niya ito hanggang sa loob. Mabuti na lang at walang ibang tao. Hindi na rin naman siya pinansin nito. Imbes na ipagtabuyan siya palabas ay basta na lamang itong naghubad sa harap niya.

Bakas pa rin ang pandidiri sa mukha ni Cliff. Napanganga na lang siya nang tumambad sa kanya ang matipunong katawan nito. Siksik ang abs at malapad ang dibdib. Parang napakasarap humilig dito at magpakulong sa ma-muscle nitong mga braso.

“Punasan mo nga ’yang bibig mo.”

Bigla ay para siyang natauhan sa sinabi nito. Ang akala ni Miley ay inuutusan siya nitong punasan ang bibig dahil naglalaway na siya rito. Iyon pala ay marumi pa ang paligid niyon nang tumingin siya sa salamin. Agad naman niyang hinugasan ang bibig na may kanin pang nakadikit.

Tinapon ni Cliff ang hinubad na sweatshirt sa basurahan at walang pasabing lumabas na ng banyo.

Tahimik lamang siya habang sinusundan ito. Nakalabas na sila ng function hall at patungo sa cottage nila. Marahil ay kadarating nga lang nito. Napapantastikuhan pa rin siya habang nakatitig sa likod ng binata.

“Hanggang saan mo ba ako balak sundan?” tanong nito. Sa wakas ay nilingon din siya.

Napaatras si Miley nang bigla itong pumihit paharap. Napakalapit na pala niya rito.

“Ano... uhm... hindi kita sinusundan, ah,” muli ay wala sa sariling sabi niya saka inayos ang eyeglasses.

Nagtaas lang ito ng kilay at pinagkrus ang mga braso sa tapat ng dibdib. Tinitigan pa siya nito mula ulo hanggang paa.

Siguro hindi niya ako nakilala dahil hello, it's been five long years nga, di ba?

“H-hindi nga kita s-sinusundan. Ano, kasi...

inaantok na ako. Tama. Matutulog na ako,” palusot niya.

Inis na tinalikuran siya nitong muli at dumiretso na sa loob ng cottage.

“T-teka, sandali!” habol niya rito. “Look, I’m sorry. Hindi naman ako lasing kanina. Medyo nasobrahan lang ng nakain,” napapangiwing paliwanag niya.

“So I should blame it to your tummy and big appetite, ha?” nakahalukipkip na wika ni Cliff.

Napakamot siya sa ulo. “Ah, parang gan’un na nga.” Alanganing nginitian niya ang binata na sinuklian naman nito ng pagsasalubong ng mga kilay. “Sana di mo na lang tinapon ang damit mo. Sayang, eh, willing naman akong labhan ’yon.”

“Hindi ako nagsusuot ng damit na tadtad na ng germs.”

Aba’t ang arte mo naman! hiyaw niya sa isipan. Huminga muna siya nang malalim para ikondisyon ang sarili.

“Sige, babayaran ko na lang.”

“No need. Itabi mo na lang para may pambili ka pa ng maraming pagkain.” Iyon lang at tinalikuran na siya ulit nito. Di na rin siya nagtangkang sundan pa ito hanggang sa kuwarto.

Pakiramdam ng dalaga ay sobra ang pamumula ng kanyang mukha dahil sa patung-patong na kahihyan. Napakatagal niyang hinintay ang sandaling magkrus muli ang mga landas nila. Pero kung sa ganoong sitwasyon din lang, sana ay di na lang niya iyon hinangad. Lumalabas pa tuloy na patay-gutom siya kaya niya nilantakan ang buffet.

And the nerve of that jerk, he didn't recognize her! Ganoon ba kawalang-kuwenta para rito ang mga pinagsamahan nila kaya ganoon-ganoon na lang kung makalimutan siya?

"Ikaw naman talaga ang may kasalanan nito, eh!" maktol niya sa sarili.



"Ayokong lumabas!" maktol ni Miley habang nakadapa sa kama. Tinakpan pa niya ng unan ang ulo upang di na marinig ang pangungulit ni Matet.

"Tigilan mo nga 'yang kaartehan mo. Tanghali na, o. Di mo na nga kami sinamahang mag-jogging kanina," wika nito.

"Ayoko siyang makita. Nakakahiya ako kagabi, akala niya patay-gutom ako," ngawa pa rin niya.

"Hindi nga ba? Eh, lantakan mo ba naman ang buffet."

Sa inis ay ibinato niya ng unan ang babae.

“Mabuti ka talagang kaibigan!” sarkastikong turan niya.

“Tigilan n’yo na nga ’yan. Miley, mas magmumukha kang katawa-tawa kung magmumukmok ka rito buong linggo,” ani Presy.

“Eh, ano’ng gagawin ko?” tanong niya.

“Fix yourself. Act as if nothing happened.”

Umayos siya ng upo sa kama. “Para namangan’un kadali. Nakita n’yo sana kung paano niya ako tingnan kagabi. ’Tapos di pa niya ako nakilala. He called me ‘Miss’! How dare he!”

“Kataka-taka ngang di ka niya nakilala gayong nerdy-nerdy naman ang hitsura mo kagabi. You looked dowdy, the same Miley way back in high school,” pasaring pa ni Matet.

Tinitigan ito ng dalaga nang matalim. “Pumupuntos ka na, ah. Kaibigan ba talaga kita?”

“Gusto ko lang iparating sa ’yo na kasalanan mo rin naman ang nangyari. Sinabihan na kitang mag-ayos kagabi, pero dahil di ka lang siguradong darating si Cliff, pinabayaan mo na ang sarili mo. Binalaan din kita sa paglamon pero nagmatigas ka.

“Sayang lang ang ginawa nating paghahanda kung itatapon mo lang sa tuwing binibigo ka ng kumag na ’yon. Sana naman gawin mo ang mga

bagay na makakabuti sa 'yo para sa sarili mo at hindi para sa ibang tao.”

Natigilan siya sa mga sinabi ni Matet. Tama ang kanyang kaibigan. Masyado niyang pinaikot ang mundo sa lalaking iyon. At ayun na naman siya, nagpapaapekto rito.

“I’m sorry.”

Nilapitan siya nito saka siya binatukan.

“Aray! Ano ba?!”

“Don’t feel sorry, okay? Just like what Presy suggested, fix yourself. Kahit si Kulas di mo mapapaibig kung mag-iinarte ka lang diyan.”

Natawa na lang si Miley rito. Si Kulas kasi ay ang feeling guwapong guard sa opisina nila.

“Sira-ulo ka talaga! But you’re right. I have to fix myself and show my worth. Makikita ng kumag na 'yon kung sino ang pinakawalan niya.”

Nakabuo siya bigla ng desisyon na ang pagpapaganda ay ibubuhos niya para sa sarili. At hihintayin niyang si Cliff na mismo ang lumapit sa kanya.



Nasayang lang ang kanyang pagmamaktol kaninang umaga dahil hindi pala niya makakaharap sa pananghalian si Cliff.

“Miley, magsi-swiming kami. Sama ka?” tanong ni Matet na handang-handa nang maligo sa dagat sa suot nitong one-piece swimsuit.

“Ayoko, maaraw pa, eh. Maglilibot-libot na lang muna ako.”

“Ikaw ang bahala.” Iniwan na siya nito.

Kinuha niya muna ang earphones at cellphone sa kuwarto bago lumabas ng cottage. Balak niyang makinig ng musika habang ginagawa sa ganoong oras ang naudlot niyang pag-jogging. Mapuno sa lugar at malakas ang hangin kaya di niya alintana ang sikat ng araw.

Pawisan na siya dahil sa pagtakbo at medyo naninikip na rin ang dibdib niya dahil hindi naman siya sanay mag-exercise. Huminto muna siya sa ilalim ng puno ng niyog, habol ang hininga. Gamit ang laylayan ng damit ay pinunasan niya ang pawis na tumatagaktak sa kanyang mukha. Nakalimutan niyang magdala ng bimpo.

Tinanggal niya ang earphones na nakapasak sa magkabilang tainga saka inilibot ang paningin, nagbabakasakaling may malapit na pagkukunan ng maiinom. Ngunit ang nahagip ng kanyang mga mata ay ang pamilyar na bulto ng lalaking nakahiga sa duyang nakasabit sa dalawang puno.

Tutol man ang diwa ay wala siyang nagawa nang kusang kumilos ang mga paa niya palapit sa kinaroroonan nito. Napatda siya nang makalapit sa lalaki at bigla siyang sinalakay ng kaba nang matunghayan muli ang mukhang iyon. Nakapikit ito, napakaamo ng mukha kung titingnan sa ganoong ayos. Matangos ang ilong, makakapal ang kilay, makinis ang mamula-mulang kutis dahil marahil nasikatan ng araw at perpekto ang ukit ng mga labi. Parang walang masyadong nagbago sa hitsura nito kahit lumipas na ang limang taon.

Bukod sa nagmukha na itong mama dahil sa mumunting bigote at malaki at matipuno na ang katawan. Magkasalikop ang mga braso nito sa dibdib kaya kitang-kita niya ang malalaking biceps nito. Ang hahaba rin ng biyas nito. No wonder nagmukha siyang duwende nang magkatabi sila kagabi. Matangkad talaga ito, pero parang mas lalo pa itong tumangkad ngayon.

Ibinalik ni Miley ang tingin sa mukha nito. Pinagsawa niya ang mga mata sa mukhang kay tagal din niyang di nakita.

“Don’t you know that it’s rude to stare?” biglang turan ni Cliff habang nakapikit.

Sa gulat ay napaatras siya at natisod sa ugat ng

puno. Mabuti na lang at napakapit siya sa tali ng duyan. Pagtingin niyang muli sa binata ay nakamulat na ito, looking disgustedly at her.

“I... I’m not staring at you!” depensa niya.

“Really, huh?” anito, magkasalubong na ang mga kilay.

“Paano ka naman nakakasigurong tinititigan kita, eh, nakapikit ka?” Huli na para bawiin iyon. Napangiti tuloy ito na para bang sinasabing ‘ang isda ay nahuhuli sa sariling bibig’.

Hiyang-hiya sa sarili na tinalikuran niya ito, ngunit laking gulat niya nang makita si Tolome sa kanyang harapan.

“Miley...” anitong nakamata lang sa kanya.

“T-Tolome...” Ano’ng ginagawa mo rito? Sinusundan mo ba ako?” Ikinababahala niya ang paghaharap nito at ni Cliff. Pero mas ikinababahala niya ang muli nitong pangungulit sa kanya kaya gumawa siya ng paraan. “M-may boyfriend na ako,” aniya upang tuluyan nang itaboy si Tolome. “I already have a boyfriend kaya please lang, huwag mo na sana akong kulitin,” dagdag pa niya.

“Sino?” tanong nito, bakas ang kalungkutan.

Sino? Sino nga ba? Napalingon siya kay Cliff na noon ay nakatayo na at nag-iinat na ng mga braso.

“That’s definitely not me,” kapagkuwan ay saad nito nang magtama ang kanilang mga mata. Napanganga siya sa hayagang paglaglag nito sa kanya. Sabagay, ano nga ba namang suporta ang maaasahan niya sa kumag na ito? Kung noon nga ay nagawa siya nitong iwan, ngayon pa kaya.

“Of course! Hindi talaga!” she said abruptly to save her ass.

“Miley,” tawag ni Tolome, “don’t worry I didn’t come here for you. Tinawagan ako ni Matet, kailangan daw niya ng photographer. It’s purely business.”

Alam niyang hindi naman nito intensyong ipahiya siya, pero bakit pakiramdam niya ay basag na basag na ang self-esteem niya?

“G-gan’un ba? Okay...” aniya at tuluyan nang nahabag sa sarili dahil sa kahihyan. Dalawang lalaki ang itinanggi siya nang harapan! Isa na talaga siyang kahiya-hiyang nilalang.

Asa ka pa kasi! hiyaw niya sa sarili.



“Ano ka ba, Matet? Bakit mo pinapunta rito si Tolome?”

“Kailangan natin ng photographer. Hindi raw kasi makakapunta ’yung kaibigan ni Xander kaya

nakiusap siya sa akin na maghanap ng iba. So I thought of Bart. Ano'ng problema roon?" patay-malisyang paliwanag nito.

"Alam mo naman ang problema, di ba? Bakit kasi si Tolome pa?" pagmamarakulyo niya.

"Busy 'yong ibang kilala kong photographer. Isa pa, napakiusapan ko siyang babaan lang ang talent fee. Praktikal lang ako," kibit-balikat na paliwanag nito.

"Ewan ko sa 'yo! Alam mo bang nagmukha akong katawa-tawa kanina?" Ikinuwento niya rito ang nangyari kanina at imbes na suportahan ay pinagtawanan pa siya ng kaibigan. Sa inis ay tinalikuran niya ito.

"Hey, Miley, I'm sorry," anito saka hinila siya paupo sa tabi nito.

"Nakakainis ka kasi! Alam mo nang napahiya ako, pagtatawanan mo pa ako," nakangusong turan niya.

"I can't help it, nakakatawa ka kasi." Di pa rin mapigilan ni Matet ang ngiti. Tinitigan niya ito nang masama bilang babala. "Okay, sorry." Itinaas pa nito ang dalawang kamay. "So, ano'ng plano mo ngayon? Sino'ng ipapakilala mong boyfriend?"

"Ewan ko. Hindi ko alam..." laglag ang mga

balikat na turan niya.

“Hey, girls, ba’t nagsosolo kayo? Tara, mag-videoke tayo,” nakangiting bungad ni Marco.

Bigla ay may naisip siyang solusyon sa problema. Nang bumaling siyang muli kay Matet ay nakuha niya ang pagsang-ayon nito nang tumangu-tango ito.

CHAPTER *Three*

“All you have to do is be sweet with me,” aniya kay Marco. Nailahad na niya rito ang problema niya at mabuti na lang at napapayag niya ito. Excited pa nga raw ito dahil gustong-gusto nito ng kakaibang mapagkakaabalahan.

“No problem. Sweet naman talaga ako, eh,” anito, sabay kindat.

“You have to be near me all the time.”

Nag-isip muna ito at napakamot sa baba. “Hmm... all the time? S’abi mo hindi naman natin kailangang sabihing tayo nga. Paano ako makakarami ng chicks kung lagi kang bubuntot sa akin?”

“Naman, eh! Okay, kapag nandiyan na lang si

Tolome...at si Cliff.”

“That would be fine. What else?”

“Hmm... ’Yun na muna sa ngayon. Basta promise me na wala kang ibang pagsasabihan ng tungkol dito.”

“Okay,” pagsang-ayon nito.

“Promise me,” giit niya.

“Okay. I promise,” anitong itinaas pa ang kanang kamay.

“Marco! Tara, shot tayo,” anang isang baritonong tinig mula sa likuran niya.

Tila natulos sa kinatatayuan si Miley nang marinig muli ang pamilyar na tinig ni Cliff. Pakiramdam pa niya ay nanayo ang lahat ng balahibo niya sa batok nang maramdaman ang presensya nito. Nang makabawi ay agad niyang isinagawa ang plano.

Tumabi siya kay Marco at umabrisete sa braso nito. Taas-noong tiningnan niya si Cliff, ngunit agad ding nadismaya nang di man lang siya tinatapanan ng tingin ng binata.

“Sinu-sino’ng kasama natin?” tanong ni Marco.

“Lahat ng boys,” sagot ni Cliff. Sa wakas ay tinapanan din siya nito ng tingin. Ang totoo, di siya sigurado kung tingin o irap ang ginawa ng binata.

Aba't...! Ano ba'ng problema mong kumag ka?
ngitngit niya sa isipan.

Pilit niyang pinayapa ang sarili at nakangiting sumabay na lang sa mga ito habang di pa rin inaalís ang pagkakakawit ng braso kay Marco. Mabuti na lang at game na game ang loko. Nagulat pa siya nang lingunin siya ni Cliff.

“For boys lang ang inuman. Di ka p’wedeng sumama.”

Napaangat ang isang kilay ni Miley sa inis. “Bakit, sinabi ko bang sasama ako? Nakikisabay lang ako sa paglalakad, ’no! May inuman din ang mga girls. Hmph!” pairap niyang tugon dito. Hindi siya papayag na muling mapahiya sa harap nito.



At wala sa planong nagkaroon nga ng inuman session ang mga girls... pero kasama ang kalalakihan. Mas masaya raw kung marami.

“Hoy, babae! Nasaan ka? Kompletó kami rito, ikaw lang ang wala,” aniya sa kabilang linya. Lumayo muna siya sa nagkakasiyahang mga kaibigan para tawagan si Matet.

“Naglibot-libot. May tino-tour lang ako.”

“Ano ka, tourist guide? At sa kalagitnaan ng gabi? Seryoso ka?”

“I have to. May kailangan akong pasayahing kaluluwa. 'Bye, kita na lang tayo sa kuwarto mamaya.” At naputol na ang linya.

“Kaluluwa? At kailan pa naging espiritista ang babaeng iyon?” tanong niya sa sarili.

“Miley, ikaw na!” tawag ni Dana.

Paikot ang sistema ng pag-shot nila ng alak at paniguradong tumapat sa puwesto niya ang nguso ng boteng pinaikot ni Bry, gamit sa nilalaro nilang classic Truth or... err truth. Nakakatamad daw kasi ang mag-utos at sumunod sa utos kaya pulos truth na lang ang pagpipilian. Dahil hindi sanay sa inuman ay tinamaan na siya dahil nakalimang shot na rin siya kay Pareng Dador.

“Okay, ako na ang magtatanong,” presinta ni Dana. “Bakit kayo naghiwalay ni Cliff noon?” Nagpalipat-lipat pa ang tingin nito sa kanila ng dating nobyo.

Biglang natahimik ang lahat, nag-aabang sa kasagutan niya. Bukod sa malalapit na kaibigang sina Matet at Presy ay wala na siyang iba pang pinagsabihan ng tungkol sa nangyari sa kanila ni Cliff. Ang alam lang ng mga ito ay naghiwalay sila. Wala sa sariling napalingon siya sa lalaki. Nakatitig din lamang ito sa kanya.

Hindi pa niya kayang sabihin sa mga ito that Clifford left her hanging pagkatapos na may mangyari sa kanila. Siguradong siya lang ang magmumukhang katawa-tawa. Kusa niyang inabot ang shot glass dahil wala siyang balak sagutin ang tanong na iyon.

Sabay-sabay pang napa-‘Oh’ ang mga ito.

Nalukot ang kanyang mukha nang manuot sa ilong niya ang amoy ng alak. Di pa man ay parang sumasakit na ang ulo niya. Pikit-matang uminom siya ngunit di pa siya nangangalahati ay parang bibigay na ang sikmura niya dahil hindi na lang sa lalamunan niya gumuguhit ang init kundi maging sa tiyan.

Full support naman ang mga kaklase niya na kung anu-ano na ang ibinibigay na advice.

“Lagukin mo para di mo na malasahan.”

Eh, kung kayo na lang kaya ang uminom!

Ngali-ngali niya sanang sabihin iyon sa mga ito. But she had to be sport kaya titiisin na lang niya. Pikit-matang lalagukin na sana ni Miley ang natitira nang may pumigil sa kamay niyang may hawak sa baso. Pagmulat niya ay kamay ng kung sino ang nakahawak sa pupulsuhan niya. Napatingala siya upang mapagsino ang may-ari ng kamay at laking

gulat niya nang ang mabagsik na anyo ni Cliff ang matunghayan.

Inagaw nito sa kanya ang baso at ang sumunod na nangyari ay ikinagulat ng lahat. Ito ang uminom ng lahat ng alak sa baso habang hawak pa rin ang kamay niya.

“That’s enough. Hindi na niya kaya,” anito nang maibaba sa mesa ang baso. “Let’s go.”

Hinila siya nito patayo at kinaladkad palayo sa grupo. Natutulirong napapasunod na lang siya rito. Pero bumibilis ang mga hakbang ng lalaki at humihigpit din ang hawak sa kanya.

“Cliff, sandali. Bagalan mo naman ang paglalakad,” aniya.

Ngunit tila hindi siya naririnig nito o mas tamang sabihing ayaw siya nitong pakinggan. Dahil gustong magrebolusyon ng puso niya ay nagpumiglas siya. Nang makawala rito ay pumihit siya pabalik sa pinanggalingan.

“Where do you think you’re going?” he asked furiously.

“Babalik ako. Hindi mo dapat ginawa ’yon. I can’t answer their question and that’s my consequence,” tigas niyang tugon.

“At ano, makikipagsabayan ka sa kanila? Tingnan

mo nga 'yang mukha mo, pulang-pula na. You're not used to drinking, but here you are acting as if you owe them much! Are you that stupid? Uunahin mo pa 'yang pride mo kaysa sarili mo?"

Natigilan si Miley. Nag-aalala ba ito sa kanya?

"What is it to you?" tanong niya, sa pagkakataong iyon ay mahinahon na.

Tila natauhan ang binata sa inakto. Pumormal ang anyo ni Cliff at nawala ang kanina ay tila pag-aalala sa mukha. O baka dinadaya lang siya ng paningin kanina dala na rin ng nainom na alak.

"Ayoko lang na magkalat ka uli at sa harapan pa nila," tukoy nito noong aksidenteng nasukahan niya ito. "If you really want to save your pride, might as well listen to me. Nakakahiya kung uulitin mo ang insidenteng iyon. It's disgusting."

Natawa si Miley nang pagak. Tama siya, hindi ito nag-aalala. Gusto lang nitong ipamukha ulit ang kahihiyang iyon.

"Yeah, right. And here you are acting like a savior," pauyam niyang turan.

Bakit ba umaasa pa siyang nag-aalala sa kanya si Cliff? Kahit nagpupuyos sa galit ay nagawa pa rin niyang ihakbang ang mga paa. Ngunit sa pagkakataong iyon ay hindi patungo sa

pinanggalingan kundi sa cottage. Sobrang bigat ng nararamdaman niya dahil sa pinipigil na pagluha. Pakiramdam din niya ay sumikdo ang tama ng alak na ininom niya kaya hindi na siya makalakad nang tuwid. Si Cliff ay tahimik lang na sinusundan siya ng tingin.

Nang mabuwal si Miley ay maagap na inalalayan siya ng binata, pero pumiksi siya. Hindi niya gustong ipakita rito ang kahinaan.

“Don’t touch me!” mariin niyang utos. Naiinis siya rito dahil ang kapal ng mukha nitong magpakita ng galit gayong siya dapat ang magalit dito.

“Don’t be such a brat.” Sa maawtoridad na tinig ay tila kontrolado na naman ni Cliff ang sitwasyon. Ngunit ayaw na niyang magpatangay.

“Will you stop acting as if you care? Kaya ko ang sarili ko. Kinaya ko noon na wala ka. Kaya ko pa rin ngayon. Just keep on pretending that nothing special had ever happened between us. Just keep on pretending as if we haven’t loved each other then. Just keep on pretending as if you didn’t leave me hanging, as if you didn’t have the guts to say to my face that: ‘Hey, Miley, I can no longer do this. Let’s just stop this relationship’.

“Dahil for God’s sake Cliff, pagod na ako. Pagod

na pagod na akong isipin kung bakit hindi ka na bumalik. Kung bakit mo ako pinaghintay sa wala at ako naman si tanga ay naghintay din. I'm tired, Cliff... I'm so damn tired..." Tuluyan na siyang lumayo rito. Hindi na rin ito nangahas na sumunod.

Dahil mag-isa lang sa kuwarto ay malaya niyang napakawalan ang luhang kanina pa gustong sumilay. Lumuha siya dahil alam niyang kahit ilang taon na ang nakalipas, hindi niya pa rin kaya. Naiinis siya dahil sa kabila ng ginawa ni Cliff ay mahal niya pa rin ito.



"Aray! Ang sakit ng ulo ko..." maktol ni Miley habang nakayukyok ang ulo sa lamesa. Dahil marahil iyon sa nainom na alak at magdamag na pag-iyak.

"Ano ba kasi'ng pumasok sa isip mo at nakipagsabayan ka sa kanila? Alam mo namang mababa ang alcohol tolerance mo," litanya ni Matet.

Silang mga babae ay gising na. Tulog pa ang iba na nagsipag-inuman kagabi. Inabot na yata ng madaling-araw ang kasiyahan. Wika nga ni Cristel, matira ang matibay sa kalalakihang nakaubos ng ilang bote ng alak. Dahil hindi na rin tinapos ng ilan sa kanila ang inuman ay sila na ang abala sa kusina.

“Oo na. Huwag mo na nga akong pagalitan,” nangingiwing turan niya.

“This could help,” anang baritonong tinig saka inilapag ang isang baso ng lemonade sa harapan niya.

Napatingin si Miley sa baso saka tiningala ang may-ari ng tinig.

“Tolome...” tangi niyang nasabi.

“Pangtanggap hangover. Tried and tested ko na ’yan,” wika pa nito saka ngumiti.

Tila nakaramdam ng kalungkutan si Miley para rito. Ilang beses na niya itong itinaboy, pero heto’t nagpapakita pa rin sa kanya ng concern.

“Tolome...” tangi niyang nasabi, hindi alam kung paano ito pakikitunguhan.

“A ‘thank you’ will do,” anito nang mapansing hindi siya makapag-isip ng tamang mga kataga para rito.

“Thank you.” Ngumiti siya.

“O, ayan inumin mo na nang mawala ’yang hangover mo,” sabi ni Matet saka tumayo sa kinauupuan.

“Saan ka pupunta?” tanong niya kay Matet.

“Magba-biking.” Tumalikod na ito.

Nang ibaling niyang muli ang atensyon kay

Tolome ay napansin niyang nakamasid lang ito sa papalayo niyang kaibigan.

“Ganyan talaga ’yan, maraming hilig gawin. Hindi na ako magtataka kung isa sa mga araw na ito ay magpapaalam siya para mag-ghost hunting,” pabiro niyang sabi sa lalaki.

Nginitian lang siya nito. Parang may kakaiba nga ngayon kay Tolome na hindi niya lang mawari sa ngayon.

“Sige, mag-jogging lang ako,” kapagkuwan ay turan nito. Tango lang ang itinugon niya rito saka inihatid na ito ng tingin palabas ng cottage.

“Hi, Miley!”

Kamuntik na niyang mailuwa ang iniinom dahil sa gulat nang yugyugin pa siya ni Xander sa balikat. Halatang bagong gising lang ang mokong dahil hindi pa halos nakapagsuklay ng makapal nitong buhok. Pero in fairness, mabango ang hininga.

“Bakit ba?” Yamot niyang nilingon ito.

Humila ang lalaki ng upuan sa tabi niya saka naupo. May inilapag itong folder at ballpen sa harapan niya.

“Ano ’yan?” kunot-noong tanong niya.

Binuklat nito ang folder. “Sign it,” anito saka itinuro ang pangalan niya sa pinakababa ng bond

paper. Nakasulat din ang mga pangalan ng iba pang Diamond girls sa pahinang iyon at may mga pirma na sa itaas ng bawat pangalan.

“At bakit ako pipirma ryan?” nakataas ang isang kilay na tanong ni Miley.

“Because you have to and you’re the only one who hasn’t signed yet. He handed her the pen.

Dahil muling kumirot ang sentido niya at tama naman itong siya na lang ang di nakakapirma ay pumirma na rin siya. Hindi siguro iyon tungkol sa paglilipat ng kanyang mga ari-arian sa pangalan nito. Napangiwi siya sa naisip. Wala nga naman pala siyang mga ari-arian. Bukod sa condo unit na hanggang ngayon ay hinuhulugan pa niya sa bangko.

“All right!” He kissed her on the cheek.

“Hey!” Nanlalaki ang mga matang napatingin siya kay Xander. Ngunit sa halip na humingi ng paumanhin sa pagnakaw nito ng halik sa kanya ay tatawa-tawa pa itong nagtungo sa kusina.

“Aba’t...! Hoy, bumalik ka rito!”

Tila wala lang dito ang ginawa dahil maging sina Dana at Cristel ay ginawaran din nito ng halik sa pisngi. Kinondisyon na lang niya ang sarili. Ganoon lang talaga siguro ito, masyadong sweet sa kaibigan. Anyway, that was just on the cheek. Pag sa lips ay

makakasuntok na talaga siya nang di oras.

Itinuloy niya ang pag-inom ng lemonade.

“In fairness, masarap,” aniya sa sarili.

Nagulat na lang siya nang may kumalabog. Paglingon ni Miley ay ang nakahandusay na si Xander ang nakita niya, hawak ang kaliwang panga.

“What the hell was that for?” angil nito kay Cliff na nakatayo sa harapan nito.

He punched Xander?

“For touching what’s mine,” tiim-bagang na sagot nito saka tumalikod.



Damn Xander!

Hindi na napigilan ni Cliff ang sarili nang makita niyang hinalikan nito si Miley sa pisngi. How dare he kissed what’s his? Gigil na gigil na nga siya kanina nang akbayan nito ang dalaga. He got mad and punched him on his face.

Lumabas siya ng cottage at huminga nang malalim. What’s wrong with him? He lost his cool. Alam niyang wala na siyang karapatang bakuran si Miley, but damn, he couldn’t help but feel jealous. Naiinis siya kapag may ibang lalaking humahawak dito at lalo siyang naiinis dahil wala siyang magawa.

Hindi niya nakilala ang dalaga sa unang

pagkakataon na nagkaharap sila, nang sinukahan siya nito. Kaya naman kagabi nang tawagin ni Dana si Miley sa pangalan nito ay nagulat siya at hindi makapaniwala na ito pala ang dating nobya niya.

He left her. Kasalanan ni Cliff kung bakit nawala ang lahat ng karapatan niya sa dalaga. It was his entire fault. He hated himself for hurting her. He got himself drunk when he saw her shed tears last night. He hated the day he left her, he hated the day he lost the will to live.

Nagtungo siya sa parking lot at sumakay sa kanyang kotse. Kailangan niyang magpalamig ng ulo. Kailangan niya munang lumayo. Pinaandar niya ang sasakyan at hindi na siya nag-abalang tawagan ang driver niyang si Mang Milo. Ilang taon din bago siya ulit nagkalakas-loob na magmaneho matapos ang insidenteng bumago sa kanyang buhay.

Lalo niyang binilisan ang takbo ng kanyang kotse. Ihahapit sana niya paliko ang manibela upang lagpasan ang tricycle na nasa unahan niya nang pumalya ang galaw ng mga kamay niya. Mabuti na lang at maagap niyang naapakan ang preno kaya hindi niya nahagip ang tricycle. Kaya lang ay sa biglaang pagpreno niya ay umikot ang sasakyan at bumangga sa puno. Awtomatikong lumobo ang

airbag at naprotektahan siya.

Nahampas niya ang manibela sa sobrang frustration na nararamdaman. It's been five years, pero pakiramdam niya ay nakakulong pa rin siya sa masamang bangungot na iyon.